# Ang Pangako ng Sosyolohikal na Imahinasyon: Salin ng Unang Bahagi ng *The Sociological Imagination* ni C. Wright Mills[1]

*The Promise of the Sociological Imagination: A Filipino Translation from the First Chapter of* The Sociological Imagination *by C. Wright Mills*

**NOREEN H. SAPALO**


## ABSTRAK

Si Charles Wright Mills (1916-1962) ay isang sosyologo at propesor ng Sosyolohiya sa Columbia University. Pinakakilala siya dahil sa librong *The Sociological Imagination* (Ang Sosyohikal na Imahinasyon) (1959), isang klasikong akda na naglalaman ng konseptuwal na balangkas sa pagsusuri ng lipunan, ng metodolohiya o paraan upang maintindihan at mapag-aralan ito, at ng hamon sa mga estudyante at iskolar ng agham panlipunan na gawing makabuluhan ang kanilang pag-aaral ng lipunan. Bagamat may sampung kabanata ang libro, ang unang kabanata na may pamagat na "*The Promise*" (Ang Pangako) ang pinakatanyag sapagkat dito malinaw na binaybay at ipinaliwanag ni Mills ang konsepto at kabuluhan ng "sosyolohikal na imahinasyon." Ito rin ang dahilan kung bakit ang una hanggang ikatlong bahagi ng kabanatang "*The Promise*" ang napiling isalin mula sa *Ang Sosyolohikal na Imahinasyon*. Dito matatagpuan ang depinisyon, halaga, at balangkas ng naturang konsepto. Mahalaga ang pagsasalin sa wikang Filipino ng bahaging ito ng aklat upang mas madaling mabasa, maunawaan, at magamit ito ng mga mag-aaral at mga mananaliksik na Pilipino, partikular sa panahong higit na kailangang mapaunlad ang katangian ng pag-iisip at interbensiyon na kritikal.


*Mga susing salita*: Pagsasalin, sosyolohikal na imahinasyon, C. Wright Mills, sosyolohiya, agham panlipunan

---

1 Nais magpasalamat ng tagasalin kina Bomen Guillermo at RC Asa para sa kanilang mga komento at suhestiyon upang mapaunlad ang burador ng manuskritong ito. Pasasalamat din kina Prop. Roland Simbulan at Prop. John Ponsaran sa kanilang suporta.

## ABSTRACT


Charles Wright Mills (1916-1962) was a sociologist and Professor of Sociology at Columbia University. He is most well-known for his book The Sociological Imagination (1959), a classic work where he proposed a conceptual outline and method to investigate society-at-large and challenged students and social scientists alike to engage in relevant studies of the social world. Although the book has ten chapters, the first chapter entitled The Promise is the most prominent, since this contains the definition, relevance, and conceptual outline of the Sociological Imagination. A Filipino translation of this text is therefore important to provide wider access and ease understanding and use for Filipino students and researchers, especially at a time when critical thinking and intervention are essential.

*Keywords*: Translation, sociological imagination, C. Wright Mills, sociology, social science

*Alay sa alaala ni Dr. Edberto M. Villegas*

## INTRODUKSIYON

Si Charles Wright Mills (1916-1962) ay isang radikal na intelektuwal, sosyologo at propesor ng Sosyolohiya sa Columbia University. Isa siya sa mga itinuturing na haligi ng sosyolohiya bilang disiplina sa kasalukuyang panahon (Scott at Nilsen, 2013). May-akda si Mills ng labing-isang libro na tumatalakay sa lipunan at sa pag-asal at pagkilos ng mga miyembro nito. Kabilang dito ang *The Power Elite* (1956), *The Causes of World War Three* (1958), at *Listen, Yankee* (1960). Bagamat mayroon pa siyang ibang mahahalagang naisulat, pinakakilala pa rin si Mills dahil sa *The Sociological Imagination* (TSI) (1959), isang libro na nagbigay inspirasyon sa kaliwa sa Amerika (Jamison at Eyerman, 1995). Ang TSI ay isang klasikong akda na naglalaman ng konseptuwal na balangkas sa pagsuri ng lipunan, ng metodolohiya o paraan upang madalumat ito, at ng hamon sa mga estudyante at iskolar ng agham panlipunan na gumawa ng mga makabuluhang pag-aaral tungkol at para sa lipunan. Ayon sa 1997 sarbey ng *International Sociological Association*, pangalawa sa pinakaimpluwensiyal na akda sa disiplina ng Sosyolohiya ang TSI, kasunod ng *Economy and Society* (1922) nina Weber et. al. Pinapatunayan din ng datos mula sa Google N-gram Viewer ang patuloy na importansiya ng konsepto ng sosyolohikal na imahinasyon. Ang Google




**Larawan 1.**
*Ang resulta na ipinapakita ng Google N-gram Viewer kapag ipinasok ang pariralang 'sociological imagination.'*

N-gram Viewer ay isang *online search engine* na nagpapakita ng dalas (*frequency*) ng paggamit ng mga parirala mula sa mga nailimbag na teksto o akda sa iba't ibang mga wika sa nagdaang mga dekada. Kapag ipinasok ang pariralang '*sociological imagination*' sa N-gram Viewer, lalabas ang isang graph kung saan makikita ang konsistent na pagtaas ng bilang ng paggamit sa pariralang "*sociological imagination*" mula taong 1959 hanggang 2018. Bagamat masasabi na ang pariralang '*sociological imagination*' ay nagkaroon na ng sariling buhay at kahulugan noong nagdaang mga taon, hindi maitatanggi ang impluwensiya at papel ni C. Wright Mills bilang tagapaglikha nito. Sa kasalukuyan, ang TSI ay naisalin na sa 17 na wika at mayroon na itong 21,947 na *citation* sa *Google Scholar*.

Sa Pilipinas naman ay nananatiling batayang babasahin ang TSI sa mga klase ng progresibong mga guro at mananaliksik sa Sosyolohiya at agham panlipunan. Sa katotohanan, itinuturing ni Arnold Alamon, isang kilalang Pilipinong sosyologo, ang "sosyolohikal na imahinasyon" bilang "My Way" (kanta ni Frank Sinatra) o *anthem* ng komunidad ng mga sosyologo sa bansa (Alamon).

Isinulat ni Mills ang TSI noong 1950s, matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at sa panahong abala ang Amerika sa proyekto nito ng pang-ekonomiya at pampolitikang pagpapalawak. Sa parehong panahon din umusbong at lumawak ang kilusan para sa karapatang sibil laban sa rasismo at segregasyon ng mga populasyon sa Amerika at ang *Cold War* laban sa Unyong Sobyet. Susi sa pagbubuo ni Mills ng TSI ang karanasan niya sa Europa. Noong 1956, nakatanggap siya ng Fulbright *Fellowship* para makapagturo sa University of Copenhagen. Nakapaglakbay si Mills sa ilang mga lugar sa Europa at nagkaroon siya ng pagkakataong makilala ang mga iskolar na bukas sa kaniyang mga kritikal na ideya. Madalas rin siyang bumisita sa London School of Economics (LSE), kung saan nakilala niya at nakapalitan ng mga ideya ang ilang mga intelektuwal na kinalaunan ay naging kilala bilang mga miyembro ng *British New Left*. Ang koneksiyon na ito ni Mills sa mga akademiko ng LSE ang maituturing na pinakamahalagang intelektuwal na koneksiyon niya noong dulong bahagi ng kaniyang buhay (Geary 2008).

Inilarawan ni Mills sa TSI ang buhay ng mga ordinaryong Amerikano noon bilang isang serye ng "patibong" at patong-patong na pribadong mga problema na tila hindi nila maigpawan. Ayon kay Jamison at Eyerman (1995, sinipi sa Miller 2018) mahalaga para kay Mills ang sosyolohikal na imahinasyon dahil nagsisilbi itong pangontra sa namamayaning tunguhin (*drift*) ng lipunan. Ani Mills, ang pakiramdam ng "pagkakapiit" na danas ng mga Amerikano ay dahil hindi nila madalas maiugnay ang kanilang mga personal na problema (*personal troubles*) sa mga isyung pangkasaysayan at panlipunan (*public issues*). Dagdag pa niya, hindi maaaring maintindihan ang buhay ng isang tao o ang kasaysayan ng isang lipunan kung hindi naiintindihan ang dalawang ito nang magkasabay. Sa gayon, iminungkahi ni Mills ang sosyolohikal na imahinasyon, isang lapit at katangian ng pag-iisip na naiintindihan ang espesyal at mahigpit na ugnayan ng indibidwal at lipunan at nauunawaan ang epekto nito sa isa't isa.

Lagpas animnapung taon na ang klasikong akda ni Mills ngunit nananatiling mahalaga ang kaniyang ambag na konsepto ng sosyolohikal na imahinasyon sa kasalukuyang panahon. Ang isyu at penomeno ng kawalang-trabaho, diborsiyo, digmaan, mga gobyernong totalitaryo, at ang imperyalismo – mga konsepto na kaniyang inilarawan sa unang bahagi ng kaniyang libro – ay nananatiling tampok na mga isyu at penomenong panlipunan hanggang sa ngayon. Sinasalamin din ito ng kasalukuyang sitwasyon ng Pilipinas, kung saan ang tantos ng kawalang trabaho ay pumalo sa 17.7% noong Abril 2020 (Philippine Statistics Authority), habang ang tantos ng paghihiwalay ng mga mag-asawa, sa legal man na paraan o hindi, ay patuloy rin sa pagtaas (Abalos 2017). Ang mga totalitaryong gobyerno na binanggit ni Mills sa TSI ay hindi rin nalalayo sa awtoritaryanismo ng mga pangulo na katulad nina Donald Trump (US), Jair Bolsonaro (Brazil), at Rodrigo Duterte, na pinuno ng mga rehimeng tanyag sa kanilang pasistang mga polisiya at pag-atake sa mga batayang karapatan ng tao. Maliit ang naging pagbabago sa sitwasyon ng mga ordinaryong tao mula sa panahon ni Mills – nananatili pa rin ang inilarawan niyang pakiramdam ng pagkakapiit ng tao sa kanilang mga indibidwal na mga suliranin. Mayroon din siyang inilarawan na pakiramdam ng pagkabalisa, dahil aniya, nararamdaman ng tao na ang lumang mga paraan ng pag-iisip at pagdama ay lipas na, ngunit ang sumisibol na mga paraan ng pag-iisip at pandama ay tila malabo pa – hindi ba ganito rin natin mailalarawan ang ating panahon, isang panahon ng transisyon? Ito ang dahilan kung bakit mahalagang balikan ang diskusyon ni Mills kung paano maiuugnay ang mga indibidwal na suliranin ng tao sa istruktura at kasaysayan ng lipunang ginagalawan niya. Nagsisilbing giya ang

sosyolohikal na imahinasyon upang malinaw nating mabuod ang kasaysayan ng malawak na lipunan at ng tao.

Bagamat ang libro ay may sampung kabanata, ang unang kabanata na may pamagat na "*The Promise*" o "Ang Pangako" ang pinakakilala sapagkat dito niya malinaw na binaybay at ipinaliwanag ang konsepto at kabuluhan ng sosyolohikal na imahinasyon. Ito rin ang dahilan kung bakit ang una hanggang ikatlong bahagi lang ng kabanatang "*The Promise*" ang napiling isalin, dahil dito matatagpuan ang depinisyon, halaga, at balangkas ng konseptong ito (ang ginamit na bersiyon ng aklat para sa pagsasalin ay ang $40^{th}$ *anniversary edition*). Ang mga sumunod na kabanata ng TSI, bagamat hindi kasama sa isinalin, ay mahalaga ring mabasa ng madla. Doon makikita ang mga bilin at hamon ni Mills para sa mga sosyologo, iskolar ng agham panlipunan, at ordinaryong mga mamamayan. Ang ilang halimbawa nito ay ang kaniyang mga payo laban sa dalawang tunguhing namamayani sa larangan ng sosyolohiya na kaniyang naobserbahan noong 1950s: ang pagsulong ng mga ideya o teorya na hindi maikonekta sa realidad ng lipunan ("*grand theory*") at ang pag-aaral ng datos na walang malinaw na tunguhin (*abstracted empiricism*). Ang mga tendensiya na ito ay ikinabit ni Mills sa mga sosyologo na kasabayan niya, gayunpaman, ang ganoong mga tendensiya ay makikita natin sa mga intelektuwal ng kahit anong panahon (Puga, 2017). Sa mga susunod na kabanata ng TSI rin mahahanap ang hamon ni Mills sa mga iskolar ng agham panlipunan na pag-isipan ang kanilang pampublikong papel pati na rin ang nararapat na tunguhin ng agham panlipunan bilang isang larang. Ang mga mahahalang punto na ito ay kaniyang unang ipinakilala at sinimulang talakayin sa unang kabanata ng libro.

Mahalaga ang pagsasalin ng "Ang Pangako" sa wikang Filipino upang mas madaling mabasa, maunawaan, at magamit ng mga mag-aaral at mga mananaliksik na Pilipino ang konsepto at lapit ng sosyolohikal na imahinasyon. Gayunman, may ilang suliranin na kinaharap sa proseso ng pagsasalin. Unang-una sa mga ito ay may kinalaman sa wika na ginamit ng orihinal na may-akda sa pagsusulat ng TSI. Mapapansing American English ng dekada '50 ang gamit ni Mills sa pagbuo ng TSI kaya mayroong mga konsepto o parirala na mahirap maintindihan at mailapat sa Filipino ng kasalukuyan. Sinikap ng tagasalin na magsalin nang tapat sa orihinal na teksto habang sinisikap ring maging madaling mabasa ito ayon sa kasalukuyang pamamaraan ng paggamit ng wikang Filipino.

Ang salin na ito ay isang maliit na ambag sa makabago at kontemporaryong praktika ng pagsasalin at paggamit ng Filipino.

## ANG PANGAKO

Sa panahong ito, madalas nararamdaman ng mga tao na tila isang serye ng patibong ang kanilang mga pribadong buhay. Ramdam nila sa kanilang pang-araw-araw na buhay na hindi nila malulunasan ang kanilang mga problema. Madalas na tama ang pakiramdam na ito. Nalilimitahan ang namamalayan at tinatangkang gawin ng mga ordinaryong tao ng kanilang iniikutang mga pribadong mundo; ang kanilang mga hangarin sa buhay at mga kakayahan ay limitado sa mga malapitang eksena ng trabaho, pamilya, komunidad; sa ibang mga milieu, hindi sila tuwirang lumalahok at nananatiling mga tagamasid lamang. Habang higit silang nagiging malay, kahit napakalabo pa nito, hinggil sa mga hangarin at banta na humihigit sa kanilang ginagalawan, ay lalo naman silang nakakaramdam ng pagkakapiit.

Ang mga nakapailalim na sanhi ng pakiramdam ng pagkakapiit na ito ay mga pagbabagong impersonal sa pinaka-istruktura ng mga lipunan. Kasinlawak ng mga kontinente ang mga lipunan na ito. Ang mga fakt ng kontemporaryong kasaysayan ay mga fakt din tungkol sa tagumpay at pagkabigo ng mga indibidwal. Kapag ang isang lipunan ay naging industriyalisado, ang magsasaka ay nagiging manggagawa, samantalang ang panginoong maylupa ay naglalaho o nagiging negosyante. Kapag umangat o bumagsak ang mga uring panlipunan, ang tao ay nagkakaroon ng trabaho o nawawalan ng trabaho; kapag umaakyat o bumababa ang tantos ng pamumuhunan, ang tao ay nagkakalakas ng loob o nababaon sa hirap. Kapag nagkaroon ng gera, ang nagbebenta ng insurance ay nagiging tagapagpalipad ng mga rocket; ang simpleng tauhan sa mga tindahan ay nagiging operator ng radar; namumuhay nang nag-iisa ang may asawa; at may batang lumalaki nang walang magulang. Hindi maaaring maintindihan ang buhay ng isang indibidwal o ang kasaysayan ng isang lipunan nang hindi naiintindahan ang pareho.

Hindi nga lang madalas naipapaliwanag ng mga tao ang kanilang mga personal na problema ayon sa mga pagbabagong pangkasaysayan at mga kontradiksiyon ng mga institusyong panlipunan. Ang kaginhawaan na kanilang natatamasa ay karaniwang hindi nila naiuugnay sa mga malakihang pagbabago sa mga lipunan nilang kinabibilangan. Dahil hindi sila gaanong mulat sa masalimuot na koneksiyon ng itinatakbo ng kanilang mga buhay sa takbo ng kasaysayan ng daigdig, hindi karaniwang

nalalaman ng mga ordinaryong mamamayan kung ano ang kabuluhan ng koneksiyong ito sa pagkahubog ng kanilang pagkatao at sa mga posibleng pamamaraan ng paglahok nila sa paglikha ng kasaysayan. Hindi nila taglay ang isang katangian ng pag-iisip na kinakailangan para maintindihan ang mahigpit na ugnayan ng indibidwal at lipunan, ng biograpiya at kasaysayan, ng sarili at daigdig. Hindi sila makaagapay sa kanilang mga personal na problema sa paraang makokontrol din nila ang mga istruktural na pagbabago na karaniwang nasa likod ng mga problemang ito.

Hindi ito nakapagtataka. Sa anong panahon pa ba nakaranas ang ganitong karaming tao ng ganitong mga lindol ng pagbabago na nagaganap sa ganitong paraang napakabilis? Kung hindi man dumanas ang mga Amerikano ng ganitong masisidhing pagbabago tulad ng mga taong naninirahan sa ibang lipunan dulot lamang ito ng mga fakt na historikal na ngayon ay mabilis nang nagiging 'kasaysayan' lamang. Ang kasaysayan na may epekto na ngayon sa bawat indibidwal ay ang pandaigdigang kasaysayan. Sa kasalukuyang panahon, at sa loob lamang ng isang henerasyon, ang isang tao sa bawat anim ng buong sangkatauhan ay natatransporma mula sa pyudal at atrasado patungo sa moderno, abante at puno ng pangamba. May mga kolonyang napalaya; may mga naitatag na makabago at hindi hayag na porma ng imperyalismo. May mga rebolusyong naganap; at nakaranas ang mga tao ng mahigpit na paghawak ng mga bagong anyo ng awtoridad. Nagsulputan ang mga lipunang totalitaryo – may mga nawasak at may ibang namayagpag. Pagkaraan ng dalawang dantaon, lumitaw na ang kapitalismo ay iisa lamang sa mga paraan upang gawing industriyalisado ang isang lipunan. Pagkaraan ng dalawang dantaong pangarap, nalimita ang pormal na demokrasya sa isang maliit na bahagi lamang ng sangkatauhan. Sa mga hindi maunlad na bansa, ang lumang mga paraan ng pamumuhay ay nalulusaw na, samantalang ang mga malalabo pang mga inaasahan ay nagiging mga malakas na panawagan. Samantalang sa mga labis na maunlad na bansa, naging burukratiko ang anyo at sumasaklaw na sa lahat ang mga kasangkapan ng awtoridad at dahas. Nasa ating harapan ang buong humanidad, ang pinakamakapangyarihang mga bansa sa magkabilang panig ay nakatuon sa pinakakoordinado at dambuhalang pagsisikap upang paghandaan ang napipintong Ikatlong Digmang Pandaigdig.

Labis nang mabilis ang takbo ng kasaysayan kumpara sa kakayahan ng mga taong harapin ito ayon sa kanilang mga pagpapahalaga. At ano ang mga pagpapahalagang ito? Manatili man silang mahinahon, ramdam ng mga tao na gumuho na ang mga lumang paraan ng pag-iisip at pagdama, at ang sumisibol ay labis na malabo pa. Nagdudulot ito ng paralisis na moral. Nakapagtataka pa ba kung gayon kung nararamdaman ng mga ordinaryong tao na hindi nila kayang makaagapay sa mas malalawak na mundo na biglaan na lamang humaharap sa kanila? Na hindi nila maunawaan ang kahulugan ng kanilang kinabibilangang panahon para sa kanilang sariling buhay? At dahil dito – bilang depensa ng kanilang sarili – nagiging manhid sila, at pilit na iginigiit ang kanilang pagiging "pribadong" indibidwal lamang. Kung gayon, nakapagtataka pa ba kung ang pakiramdam nila'y tila nahuli sa isang patibong?

Hindi lang impormasyon ang kinakailangan nila – dahil sa kasalukuyang panahon, na tinatawag na Panahon ng Fakt, nadodomina ang kanilang atensiyon ng impormasyon at nadadaig na nito ang kanilang kakayahang magagap ito. Hindi lang ang kakayahang mangatwiran ang kailangan nila – kahit pa nakauubos ang pagsisikap na makamit ito ng kanilang limitadong enerhiyang moral.

Ang kailangan nila, at ang nadarama nilang kailangan nila, ay isang katangian ng pag-iisip na makatutulong sa kanilang gumamit ng impormasyon at paunlarin ang kakayahang mangatwiran upang maibuod nang malinaw ang mga nangyayari sa mundo at pati na rin ang nangyayari sa kanilang mga kalooban. Ang katangian ng pag-iisip na ito, igigiit ko, ang inaasahan ng mga mamamahayag, iskolar, artista at mga publiko, mga siyentista at patnugot, mula sa maaaring tawaging imahinasyong sosyolohikal.

Binibigyan ng sosyolohikal na imahinasyon ang nagtataglay nito ng kakayahan na maintindihan ang kabuluhan ng mas malawak na eksenang kasaysayan sa panloob na buhay at panlabas na karera ng iba't ibang indibidwal. Natutulungan siya ng sosyolohikal na imahinasyon na magagap kung paanong ang mga indibidwal, sa kasalimuotan ng pang-araw-araw nilang mga buhay, ay karaniwang may maling kamalayan tungkol sa kanilang posisyon sa lipunan. Hinahanap, sa ganitong kasalimuotan, ang balangkas ng modernong lipunan, at sa ganitong balangkas, maaaring magagap ang sikolohiya ng iba't ibang tipo ng tao. Sa ganitong paraan, ang ligalig na nararamdaman ng mga indibidwal ay naitutuon sa mga hayag na suliranin; samantalang ang kawalang-pakialam ng publiko ay natatransporma tungo

sa pakikisangkot sa mga isyung panlipunan.

Ang unang bunga ng ganitong imahinasyon – at ang unang aral ng araling panlipunan na kumakatawan dito – ay ang ideya na maiintindihan lamang ng isang indibidwal ang kaniyang karanasan at matatantiya ang kaniyang kapalaran sa pamamagitan ng pagsasakonteksto ng kaniyang sarili sa panahon na kinabibilangan niya; na maaari lamang niya malaman ang kaniyang mga oportunidad sa buhay sa pamamagitan ng pagiging malay sa oportunidad ng mga tao na kapareho niya ng katayuan. Sa maraming paraan, ito ay isang malupit na leksiyon; at sa maraming paraan ito ay dakila rin. Hindi pa natin alam ang hangganan ng kakayanan ng mga tao pagdating sa pinakamataas na pagsisikap o ng paghamak sa sarili, sa hapis o sa galak, sa katuwaan ng brutalidad o tamis ng katwiran. Pero nalaman natin sa ating panahon na ang hangganan ng "kalikasan ng tao" ay nakababagabag sa lawak na sinasakop nito. Nalaman din natin na ang isang tao ay nabubuhay, mula isang henerasyon tungo sa isa pa, sa loob ng isang lipunan; na isinasabuhay niya ang isang biograpiya, at isinasabuhay niya ito sa loob ng isang historikal na proseso. Sa mismong fakt ng kaniyang buhay, siya ay nakapag-aambag, kahit sa napakaliit na paraan, sa paghubog ng lipunan at sa takbo ng kasaysayan nito, gaya ng paghubog din sa kaniya ng lipunan at ng historikal na pagtulak at pagpuwersa nito.

Binibigyan tayo ng imahinasyong sosyolohikal ng kakayahang maintindihan ang kasaysayan at biograpiya, at ang ugnayan ng mga ito sa isa't isa sa loob ng lipunan. Ito ang tungkulin at pangako ng imahinasyong sosyolohikal. Ang pagkilala sa tungkulin at pangakong ito ay marka ng isang klasikong manunuri ng lipunan. Katangian ito ni Herbert Spencer – malabo, polisilabiko, masaklaw; ni E. A. Ross – marikit, naglalantad ng katiwalian, matuwid; ni Auguste Comte at ni Emile Durkheim; ng masalimuot at pino na si Karl Mannheim. Ito rin ang kalidad ng lahat mataas na intelektuwal na bagay kay Karl Marx; ito ang paliwanag sa kahanga-hanga at ironikal na talas ng pag-unawa ni Thorstein Veblen, hanggang sa maramihang panig na konstruksiyon ng realidad ni Joseph Schumpeter; ito rin ang batayan ng sikolohikal na lawak W. E. H. Lecky at gayundin ng lalim at linaw ni Max Weber. Ito ang palatandaan ng pinakamaganda sa mga kontemporaryong pag-aaral tungkol sa tao at lipunan.

Ang isang pag-aaral ng lipunan na hindi bumabalik sa mga problema ng biograpiya, ng kasaysayan, at ng kanilang mga interseksiyon sa lipunan ay hindi pa nakakatapos ng kaniyang intelektuwal na paglalakbay. Anupaman ang ispesipikong suliranin ng mga klasikong manunuri ng lipunan, gaano pa man kalimitado o kasaklaw ang mga katangian ng lipunan na kanilang pinag-aralan, ang sinumang may malikhaing pagkamalay sa ipinapangako ng kanilang paksa ay may tatlong bagay na laging itinatanong:

1. Ano ang istruktura ng partikular na lipunang ito sa kabuuan? Ano-ano ang mga esensiyal na bahagi nito, at paano sila magkaugnay? Paano ito naiiba sa ibang mga uri ng pagsasaayos ng lipunan? Sa loob nito, ano ang kabuluhan ng alinmang partikular na katangian nito para sa pagpapatuloy at para sa pagbabago nito?
2. Saan nakatayo ang lipunang ito sa buong kasaysayan ng tao? Ano ang alituntunin ng pagbabago nito? Ano ang lugar at kahulugan nito sa pagsulong at pag-unlad ng sangkatauhan bilang kabuuan? Paano nakaaapekto at naaapektuhan ang alinmang katangian ng lipunan na ito na pinag-aaralan natin sa at ng panahong kinagagalawan nito? At ang panahong ito —ano ang mga esensiyal nitong katangian? Paano ito naiiba sa ibang mga yugto ng kasaysayan? Ano ang mga paraan ng panahon na ito ng paglikha ng kasaysayan?
3. Anoano ang tipo ng mga lalaki at babae ang nangingibabaw sa lipunang ito, at sa panahong ito? Ano-ano ang mga tipong umuusbong na makapangyarihan? Sa anong mga paraan sila napipili, nahuhubog, napalalaya at nasusupil, ginagawang sensitibo at minamanhid? Ano ang mga uri ng "kalikasan ng tao" na naoobserba natin sa pag-aasal at pagkatao sa lipunang ito sa panahong ito? Ano ang ibig sabihin para sa "kalikasan ng tao" ng bawat isang katangian ng lipunan na sinusuri natin?

Pinagtutuunan man ng pansin ang isang dambuhala at makapangyarihang estado o isang maliit na damdaming pampanitikan, isang pamilya, o piitan, o paniniwala – ganito ang tipo ng tanong na inihahapag ng pinakamagagaling na manunuring lipunan. Ito ang mga intelektuwal na usaping pinag-iinugan ng mga klasikong pag-aaral ng mga indibidwal sa lipunan – at ito ang mga tanong na inihahapag ng kahit sinong

may imahinasyong sosyolohikal. Sapagkat taglay ng imahinasyong ito ang kapasidad na lumipat mula sa isang perspektiba tungo sa iba – mula sa politikal patungo sa sikolohikal; mula sa pag-aaral ng isang pamilya, tungo sa komparatibong asesment ng mga pambansang badyet ng mundo; mula sa eskuwelang teolohikal tungo sa establisimyentong militar; mula sa industriya ng langis patungo sa pag-aaral ng kontemporaryong panulaan. Ito ang kapasidad na saklawin ang pinaka-impersonal at malalayong pagbabago at hanggang sa pinakapersonal na katangian ng sariling pagkatao – at makita ang ugnayan ng dalawang ito. Sa likod nito'y laging may umuudyok na malaman ang panlipunan at historikal na kahulugan ng isang indibidwal sa lipunan at sa panahong kinapapalooban ng kaniyang kalidad at pag-iral.

Sa madaling salita, ito ang dahilan kung bakit sa pamamagitan ng imahinasyong sosyolohikal ay umaasa ang mga taong maintindihan ang nangyayari sa buong daigdig, pati na rin ang nangyayari sa kanilang kalooban bilang napakaliit na punto ng pagtatagpo ng biograpiya at kasaysayan sa loob ng lipunan. Sa malaking bahagi, ang malay-sa-sarili na pagtingin ng sangkatauhan sa kaniyang sarili bilang tagalabas, o, higit pa, bilang estranghero, ay nakabatay sa kaniyang pagkatanto ng relatibidad na panlipunan at ang transpormatibong kapangyarihan ng kasaysayan. Ang imahinasyong sosyolohikal ay ang pinakamabungang tipo ng ganitong pagkamalay-sa-sarili. Sa paggamit nito, ang mga tao na dati'y umiinog lamang ang mentalidad sa isang limitadong serye ng mga landas ay tila biglang nagigising sa isang bahay na buong akala nilang pamilyar na sa kanila. Tama man o mali ito, nararamdaman nilang kaya na nilang magbigay ng sapat na pagsusuma, buong pagtatasa, at komprehensibong oryentasyon hinggil sa mga bagay-bagay. Ang mga desisyon nila noon na inakala nilang tama ay tila mukhang produkto na ng isang utak na labis na mapurol na napakahirap maipaliwanag. Ang kanilang kapasidad na mamangha ay nabubuhay muli. Nakapagpaunlad sila ng bagong paraan ng pag-iisip, nakararanas sila ng muling pagpapahalaga sa mga pagpapahalaga. Sa isang salita, sa pamamagitan ng kanilang repleksiyon at sensibilidad, natatanto nila ang kultural na kahulugan ng agham panlipunan.

Ang pinakamabungang distinksiyon na mapaggagamitan ng imahinasyong sosyolohikal ay ang pag-iiba ng "mga personal na suliranin ng mga tao" at ng "mga pampublikong isyu ng istrukturang lipunan." Ang pagkakaiba na ito ay isang esensiyal na instrumento ng imahinasyong sosyolohikal, at katangian ng lahat ng klasikong akda sa agham panlipunan.

Nangyayari ang mga personal na suliranin sa lebel ng indibidwal at sa larangan ng kaniyang pakikiugnay sa ibang tao; may kinalaman ito sa kaniyang sariling pagkatao at sa mga limitadong erya ng buhay panlipunan na tuwiran at personal na namamalayan. Sa gayon, ang pagkilala at pagresolba sa mga personal na suliranin ay nakasalalay sa kalooban ng indibidwal bilang isang biograpikal na entidad at sa loob ng saklaw ng kaniyang tuwirang milieu – ang kaligirang panlipunan na tuwirang bukas sa kaniyang personal na karanasan at sa kaniyang mga napagpasyahang aktibidad. Isang pribadong bagay ang isang suliranin: kapag nararamdaman ng isang indibidwal na nanganganib ang kaniyang mga pinahahalagahang bagay.

Samantala, ang mga pampublikong isyu naman ay may kinalaman sa mga bagay na lumalampas sa lokal na kaligiran ng indibidwal at sa saklaw ng kaniyang panloob na buhay. May kinalaman ito sa pagka-organisa ng maraming maliliit na milieu na ito upang maging mga institusyon ng lipunang historikal bilang kabuuan. May kinalaman sa mga paraan ng paglalangkapan at pagtatagusan ng mga milieu upang mabuo bilang mas malaking istruktura ng buhay panlipunan at pangkasaysayan.

Ang isang isyu ay isang pampublikong bagay: may mga bagay na pinahahalagahan ang publiko na nararamdamang nailalagay sa panganib. Kadalasan ay pinagdedebatehan kung ano talaga ang pagpapahalagang ito, at kung ano talaga ang naglalagay rito sa panganib. Ang debateng ito ay malimit na walang fokus, dahil nasa kalikasan mismo ng mga isyu, taliwas sa suliranin na maaaring laganap pa nga, na hindi ito madaling maipaliwanag sa pamamaraang nakakabit sa tuwiran at pang-araw-araw na kaligiran ng ordinaryong tao. Sa katunayan, kadalasang may kinalaman ang isang isyu sa krisis ng pagkakaayos ng mga institusyon, at kadalasan ay sangkot din dito ang tinatawag ng mga Marxista na mga "kontradiksiyon" o "antagonismo."

Alinsunod ng ganitong mga batayan, tingnan natin ang isyu ng kawalan ng trabaho. Kunwari'y sa isang lungsod na may populasyong 100,000 ay may iisang walang trabaho, maituturing ang kawalan niya ng trabaho bilang personal na suliranin lamang, at upang malunasan ito ay mainam na tingnan natin ang kaniyang karakter bilang indibidwal, at ang kaniyang mga kakayahan at mga kagyat na oportunidad. Ngunit kung sa isang bansa na may 50 milyon

na empleyado ay may 15 milyong indibidwal na walang trabaho, ito ay isang pampublikong isyu, at hindi natin mahahanap ang solusyon nito sa mga oportunidad na bukas para sa alinmang nag-iisang indibidwal. Gumuho na ang mismong istruktura ng mga oportunidad. Kapwa ang wastong pagkilala sa problema na ito at ang pagtukoy sa mga posibleng solusyon ay nangangailangan ng pagkonsidera sa mga institusyong pang-ekonomiya at pampolitika ng lipunan, at hindi lamang ang personal na sitwasyon o karakter ng mga kalat-kalat na indibidwal.

Tingnan natin ang gera. Ang personal na mga suliranin na dulot ng mga gera, kung ito ay maganap, ay kung paano makaraos nang buhay, o mamatay nang may dangal; kung paano ito pagkakitaan; kung paano makaakyat sa mas mataas na ranggo ng militar na mas ligtas sa kapahamakan; o kung paano makapag-ambag sa pagtatapos ng digma. Sa madaling sabi, alinsunod sa sariling mga pagpapahalaga, makahanap ng isang hanay ng mga milieu, at sa loob ng mga ito ay mairaos nang buhay ang digmaan o kaya'y gawing makabuluhan ang sariling kamatayan. Ngunit ang istruktural na mga isyu ng gera ay may kinalaman sa mga sanhi nito; sa mga tipo ng tao na nailalagay sa pamunuan nito; sa mga epekto nito sa mga institusyong pang-ekonomiya at pampolitika, pampamilya at panrelihiyon, sa di-organisadong iresponsibilidad ng isang daigdig ng mga bansang-estado.

Tingnan natin ang kasal. Tunay na ang isang mag-asawa ay maaaring makaranas ng personal na mga suliranin, pero kung ang tantos ng diborsiyo sa kanilang bansa sa unang apat na taon ng pagiging kasal ay 250 sa bawat 1,000 na pagtatangka, indikasyon ito na may istruktural na isyu na may kinalaman sa mga institusyon ng kasal at pamilya, at pati na rin sa ibang mga institusyon na may kaugnayan sa mga ito.

Tingnan din natin ang metropolis – ang nakapangingilabot, maganda, pangit, kamangha-manghang kalawakan ng dakilang lungsod. Para sa maraming kabilang sa nakatataas na uri, ang personal na solusyon sa "problema ng lungsod" ay ang pagkakaroon ng apartment na may pribadong garahe sa ilalim nito sa gitna ng lungsod, habang sa layong animnapung kilometro ay may isa pang bahay sa Henry Hill, na may hardin na likha ni Garrett Eckbo sa apatnapung ektarya ng pribadong lupa. Sa dalawang kontroladong kapaligirang ito – na parehong may maliit na staff ng kasambahay at pribadong helicopter na pantawid – maaaring malunasan ang mga suliranin ng personal na milieu na dulot ng mga fakt ng lungsod. Pero ang lahat nito, gaano man kainam, ay hindi nasosolusyunan ang mga pampublikong isyu na dulot ng istruktural na fakt ng pag-iral ng lungsod. Ano ang magagawa sa kamangha-manghang monstrosidad na ito? Paghiwa-hiwalayin ito sa mga kalat-kalat na yunit at pag-isahin ang tahanan at trabaho? Isaayos ito sa mismong pagkakatayo nito? O, pagkatapos paalisin ang mga tao, pasabugin ito at gumawa ng bagong mga lungsod ayon sa mga bagong disenyo sa mga bagong lugar? Ano ang dapat maging mga plano? Sino ang magdedesisyon at magpapatupad ng napagpasyahan?

Mga istruktural na isyu ang mga ito; para maharap at masolusyunan ang mga ito, kailangang tingnan muna ang mga isyung pampolitika at pang-ekonomiya na nakaaapekto sa hindi mabilang na mga milieu.

Habang ang pagkakaayos ng isang ekonomiya ay nagbibigay daan sa mga paghina o pagbagsak, ang solusyon sa kawalan ng trabaho ay hindi masosolusyunan sa personal na antas. Habang ang gera ay likas sa sistemang bansang-estado at sa di-pantay na industriyalisasyon ng mundo, ang ordinaryong indibidwal, sa kaniyang limitadong milieu na ginagalawan, ay walang kapangyarihan – may tulong sikolohikal man o wala – na solusyunan ang mga suliranin na ipinapataw sa kaniya ng ganitong sistema o kawalan ng sistema.

Habang ang pamilya ay nananatiling institusyon na ginagawang sinisintang mga alipin ang kababaihan at ang mga lalaki naman ay ginagawang mga pangunahing tagatustos at permanenteng alagain, ang problema ng kasiya-siyang buhay mag-asawa ay hindi masosolusyunan ng pribadong solusyon lamang. Habang nanatiling esensyal na bahagi ng isang labis na maunlad na lipunan ang labis na maunlad na megalopolis at ang labis na maunlad na kotse, ang mga isyu ng pamumuhay sa lungsod ay hindi masosolusyunan sa pamamagitan ng indibdiwal na katalinuhan o ng pribadong kayamanan.

Ang ating mga nararanasan sa iba't iba at ispesipikong mga milieu, gaya ng nasabi na sa itaas, ay madalas sanhi ng mga istruktural na pagbabago. Upang maintindihan ang mga pagbabago sa maraming personal na milieu ay kailangan nating tumingin nang lagpas sa mga ito. At ang bilang at mga uri ng mga istruktural na pagbabago sa lipunan ay dumarami habang ang mga institusyon na kinapapalooban natin ay mas lalong nagiging masaklaw at nagiging higit na masalimuot ang ugnayan sa isa't isa. Ang pagkabatid sa ideya ng panlipunang istruktura at ang paggamit dito nang may sensibilidad ay ang pagkakaroon ng kakayahan na mapalitaw

ang pagkakawing-kawing ng napakaraming uri ng milieu. Ang kakayahang gawin ito ay nangangahulugan ng pagtaglay ng imahinasyong sosyolohikal.

Ano-ano ang mga mayor na isyu para sa publiko at mga susing suliranin ng mga pribadong indibidwal sa ating panahon? Upang maibalangkas ang mga isyu at suliranin, marapat lamang na tanungin muna kung ano ang mga pinapahalagahan ngunit nailalagay sa panganib, at anong mga pagpapahalaga ang pinapangalagaan at sinusuportahan ng mga pangunahing tunguhin ng ating panahon. Sa kaso ng mga banta at suporta, kailangan nating tanungin kung anong mga litaw na kontradiksiyon sa istruktura ang maaaring nasasangkot dito.

Kapag pinapangalagaan ng mga tao ang ilang pagpapahalaga at hindi nila nararamdaman na may nakaambang panganib sa mga ito, nakararanas sila ng kaginhawaan. Kapag may mga pagpapahalaga sila at nararamdaman nilang nanganganib ang mga ito, nakararanas sila ng krisis – maging personal na suliranin man o bilang isang pampublikong isyu. Gayundin, kung lahat ng kanilang pinahahalagahan ay tila nakataya, nakararamdam sila ng ganap na takot.

Ngunit ipagpalagay nating ang mga tao ay hindi malay sa kanilang mga pinapahalagahan at hindi rin sila nakadarama ng panganib? Iyan ang karanasan ng pagwawalang-bahala, na kapag may kinalaman sa lahat ng kanilang pagpapahalaga, ay nagiging kawalang-pakialam. Ipagpalagay naman na hindi sila malay sa kanilang mga pinahahalagahan, ngunit damang-dama nila ang panganib? Iyan naman ang karanasan ng pagkabalisa o pag-aalala, na kapag umabot sa rurok, ay nakamamatay at hindi matukoy na malaise.

Ang ating panahon ay panahon ng pagkabalisa at kawalang-bahala – na hindi pa ganap na natutukoy sa paraang magbubukas dito sa trabaho ng katwiran o sa laro ng sensibilidad. Imbes na suliranin – na ipinaliliwanag sa pamamagitan ng mga konsepto ng pagpapahalaga at panganib – mayroon lamang nararamdamang lungkot ng hindi maipaliwanag na pagkabalisa; imbes na hayag na mga suliranin, mayroon lamang damdaming talunan na tila may hindi matukoy na mali sa lahat-lahat. Kapwa hindi pa natutukoy maging ang mga pagpapahalaga na nalalagay sa panganib o ang anumang naglalagay sa mga ito sa panganib. Sa madaling sabi, hindi pa humahantong ang mga ito sa punto ng pagdedesisyon at mas lalong hindi pa nakikilala ang mga ito bilang mga problema ng agham panlipunan.

Noong dekada ng 1930 ay walang masyadong duda – bukod sa ilang mga sirkulong pangnegosyo na nililoko ang kanilang mga sarili, na mayroong isyung pang-ekonomiya na nagbibitbit din ng mga personal na suliranin. Sa mga argumento tungkol sa "krisis ng kapitalismo," ang mga pormulasyon ni Marx at ng maraming hindi kumikilala sa kaniyang repormulasyon ng kaniyang teorya ang marahil nagtakda ng mga batayan ng pagtalakay sa isyung ito, at may ilang tao na naintindihan ang kanilang mga personal na suliranin gamit ang mga batayang ito. Ang mga pagpapahalang nasa peligro ay madaling nasasapul at pinangangalagaan ng lahat; ang mga istruktural na kondisyon na nagbabanta sa mga ito ay madali ring nakikita. Kapwa ito nadarama nang malawakan at malaliman. Iyon ay isang politikal na panahon.

Ngunit ang mga pagpapahalaga na nanganganib sa panahon pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay karaniwang hindi man lang nakikilala bilang mga pagpapahalaga. Wala ring malawakang damdamin na nalalagay ang mga ito sa panganib. Hindi matukoy ang pinagmumulan ng pagkabalisang pribado; hindi nagiging mga pampublikong isyu ang malaise na pampubliko at maraming mga desisyon na may malaking kabuluhang pang-istruktura. Para sa mga taong tumatanggap sa mga ipinamanang pagpapahalaga tulad ng katwiran at kalayaan, ang pagkabalisa mismo ang suliranin; ang pagkawalang-bahala mismo ang isyu at itong kondisyon na ito ng pagkabalisa at kawalang-bahala, ito ang palatandaan ng ating panahon.

Ang lahat ng ito ay labis na nakatatawag-pansin kaya ang madalas na interpretasyon ng mga tagamasid ay nangangahulugan ito ng pagbabago sa mismong mga problema na kailangan na ngayong bigyan ng pormulasyon. Madalas din tayong pinagsasabihan na ang problema ng ating dekada, o higit pa, ang mga krisis ng ating panahon, ay lumipat na mula sa panlabas na larangan ng ekonomiya patungo sa kalidad ng indibidwal na buhay. Sa katunayan, hinggil sa katanungang kung magkakaroon pa sa hinaharap ng matatawag na indibidwal na buhay? Hindi ang pagpapatrabaho sa mga bata kundi komiks, hindi kahirapan kundi paglilibang ng masa, ang pokus ng mga usapin. Maraming malalaking pampublikong isyu at pati na rin mga pribadong suliranin ang inilalarawan madalas sa pamamagitan ng mga "sikiyatriko" na batayan – na kadalasan ay tila isang patetikong pagtatangkang iwasan ang mga malalaking isyu at problema ng modernong lipunan. Tila madalas ding nakabatay ang ganitong pahayag sa probinsiyal na pagpapakitid ng interes sa mga

Kanluraning lipunan, o United States lamang – at sa ganitong paraan ay sadyang binabalewala ang dalawang-katlo ng sangkatauhan. Madalas din na arbitraryong pinaghihiwalay ang indibidwal na buhay mula kinapapalooban nitong mas malalaking institusyon, na sa ilang pagkakataon ay higit pang tumatatak sa mga buhay na ito kaysa sa kaligiran ng pagkabata.

Halimbawa'y hindi maaaring mabigkas ang problema ng paglilibang nang hindi binabanggit ang mga problema sa trabaho. Ang mga problema ng pamilya hinggil sa mga komiks ay hindi maaaring mabigkas bilang problema nang hindi kinokonsidera ang kalagayan ng kontemporaryong pamilya sa mga bago nitong ugnayan sa mga makabagong institusyon ng istrukturang panlipunan. Hindi maiintindihan ang paglilibang o ang nakasasamang mga gamit nito bilang mga problema kung hindi kinikilala ang pagkatalamak ng malaise at pagkakawalang-bahala sa panlipunan at personal na klima ng kontemporaryong lipunang Amerikano. Sa ganitong klima, walang mabibigkas at malulunasang mga problema ng pribadong buhay nang hindi kinikilala ang krisis ng ambisyon na bahagi ng bawat karera ng mga taong nagtatrabaho sa isang ekonomiyang ingkorporado.

Totoo, tulad ng laging sinasabi ng mga sikoanalista, na madalas may tumitinding pakiramdam ang mga tao na pinapagalaw sila ng mga nakakubling puwersa sa kanilang kalooban na hindi nila magagap. Ngunit hindi totoo ang sinasabi ni Ernest Jones, "na ang pangunahing kaaway at panganib ng tao" ay ang kaniyang sariling hindi mapigilang kalikasan at ang madidilim na puwersa sa kaniyang kalooban. Taliwas dito, "ang pangunahing panganib sa tao" sa kasalukuyan ay ang hindi mapigilang mga puwersa ng kontemporaryong lipunan, kasama ang mga pamamaraan ng produksiyon nito na nagdudulot ng alyenasyon, ang mga kumukubabaw na teknika nito ng politikal na dominasyon, ang internasyonal na anarkiya nito – sa madaling salita, ang malawak na transpormasyon ng mismong "kalikasan" ng tao at ang mga kondisyon at layunin ng kaniyang buhay.

Ang kasalukuyang pangunahing tungkuling politikal at intelektuwal – dahil nagkakatagpo rito ang dalawang tungkuling ito - ng isang siyentistang panlipunan ay gawing klaro ang mga elemento ng kontemporaryong pagkabalisa at pagkakawalang-bahala. Ito ang sentral na kahingian sa kaniya ng iba pang mga manggagawang pangkultura – pati na rin ng mga siyentista at artista, at ng intelektuwal na komunidad sa pangkalahatan. Sa aking palagay, dahil sa mga tungkulin at kahingian na ito, ang agham panlipunan ay nagiging komon na batayan ng ating panahong pangkultura, at ang imahinasyong sosyolohikal naman ang pinakaimportante katangian ng pag-iisip na ating kinakailangan. ◆

## MGA SANGGUNIAN:


Abalos, Jeofry. "Divorce and separation in the Philippines: Trends and correlates." *Demographic Research*, vol. 36, no. 1, May 2017, pp. 1515-1548. doi: 10.4054/DemRes.2017.36.50

Alamon, Arnold. "Challenges to Sociological Imagination." Philippine Sociological Association, 5 March 2021. https://www.facebook.com/424536017564790/videos/521708972554769

Geary, Daniel. "Becoming International Again: C. Wright Mills and the Emergence of a Global New Left, 1956–1962," *The Journal of American History,* vol. 95, no. 3, December 2008, p. 710-736. https://www.jstor.org/stable/27694377?seq=1

Google Scholar. "C. Wright Mills." Inakses ng 2 Mayo 2021. https://scholar.google.com/citations?user=dqBi45AAAAAJ&hl=da

*Highlights of the April 2020 Labor Force Survey*. Philippine Government, Philippine Statistics Authority, 2020. URL: https://psa.gov.ph/content/employment-situation-april-2020

Weber, Max, Guenther Roth, and Claus Wittich. *Economy and Society: An Outline of Interpretive Sociology*. Berkeley: University of California Press, 1978.

International Sociological Association Congress Programme Committee. "Books of the XX Century." Sarbey. International Sociological Association, August 1998. URL: https://www.isa-sociology.org/en/about-isa/history-of-isa/books-of-the-xx-century. Inakses 8 Enero 2021.

Jamison, A. at Ron Eyermen. *Seeds of the Sixties*. Berkeley: University of California Press, 1995.

Mills, C. Wright. *The Power Elite*. New York: Oxford University Press, 1956.

Mills, C. Wright. *The Causes of World War Three*. New York: M.E. Sharpe, Inc., 1985.

Mills, C. Wright. *Listen, Yankee: the revolution in Cuba*. Ballantine Books, 1960.

Miller, John. "The Continuing Relevance of C. Wright Mills: His Approach to Research and What We Can Learn From It." *Studies in Midwestern History,* vol. 4, no. 2, November 2018, pp. 1-31.

Nilsen, Ann at John Scott. "The Sociological Imagination, 'On intellectual craftsmanship' and Mills's influence on research methods." *C. Wright Mills and the Sociological Imagination*. Eds. John Scott at Ann Nilsen. Masachusetts: Edward Elgar Publishing, Inc., 2013.

Puga, Ismael. *An Analysis of C. Wright Mills' The Sociological Imagination*. London: Macat International Ltd, 2017.



Si NOREEN H. SAPALO ay kasalukuyang gradwadong estudyante ng Aghamtao sa Department of Anthropology at lecturer sa Philippine Studies program ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagtapos siya ng BA Araling Pangkaunlaran (Development Studies) mula sa Unibersidad ng Pilipinas Maynila. Ang kaniyang mga pananaliksik ay sumasalamin sa kaniyang interes sa mga paksa katulad ng cultural politics, ekonomiyang pampolitika, subaltern na nosyon ng sakuna, tahanan, at karapatang pantao. Maaari siyang makontak sa nhsapalo@up.edu.ph.